**ISANG LARAWAN NG PAG-IBIG**

Aralin 7 para sa ika-15 ng Agosto 2026

**TALATANG SAULUHIN**: "At ngayon ay nananatili ang tatlong ito: ang pananampalataya, pag-asa, at pag-ibig, ngunit ang pinakadakila sa mga ito ay ang pag-ibig" (1 Corinto 13:13).

**INTRO**: Ano ba ang kahulugan ng pag-ibig? Sa panahon ngayon ay napakaraming kahulugan nito. Pero sa linggong ito ay napag-aralan natin kung ano ang pakahulugan dito ni Pablo. Balikan natin ito at magkaroon tayo ng mas mabuting pag-unawa sa kahulugan ng pag-ibig!

**LINGGO: Ang Kahalagahan ng Pag-ibig**

— Anong uri ng pag-ibig ang ipinapakilala ni Pablo sa 1 Corinto 13, at bakit mas mataas ito sa anomang espiritwal na kaloob? (1 Cor. 12:31-13:3)

— Sa Griego, maaraming salita ang tumutukoy sa pag-ibig. Pinili ni Pablo ang agape (hindi nag-iisip ng sarili, walang kondisyon, at sumasalamin na pag-ibig, na hinahanap lang ang kapakanan ng iniibig), na pareho sa ginamit ni Juan nang nagsabi sya na "Ang Dios ay pag-ibig" (1 Juan 4:8).

— Walang kapakipakinabang na espiritwal na kaloob kung hindi ito ginagamit na nauudyokan ng ganitong uri ng pag-ibig. Sa totoo, lahat ng ating mga kilos at isip ay dapat nahahaloan ng agape na pag-ibig.

— Binalaan tayo ni Jesus na, dahil sa kasamaan, itong pag-ibig ay lalamig (Mateo 24:12). Ngunit hindi natin dapat hayaan ito na mangyari sa atin, sa ating mga tahanan, o sa ating mga iglesia.

**LUNES: Ano ang Ginagawa ng Pag-ibig**

— 1 Corinto 13:4-7. "Ang pagibig ay mapagpahinuhod, at magandang-loob; [...] kundi nakikigalak sa katotohanan; Lahat ay binabata, lahat ay pinaniniwalaan, lahat ay inaasahan, lahat ay tinitiis."

**MARTES: Ano ang HINDI Ginagawa ng Pag-ibig**

— 1 Corinto 13:4-7. "[...] ang pagibig ay hindi nananaghili; ang pagibig ay hindi nagmamapuri, hindi mapagpalalo; Hindi naguugaling mahalay, hindi hinahanap ang kaniyang sarili, hindi nayayamot, hindi inaalumana ang masama; Hindi nagagalak sa kalikuan[...]"

**MIERKULES: Isang Larawan ni Jesus**

— *Mahaba ang patitiyaga Nya*: Tiniis Nya ang mga hagupit, insulto, at paghamak (Mat. 27:27-31); *Mabait Sya*: Inaalala Nya ang lahat na nagdurusa; *Nagagalak Sya sa katotohanan*: Itinuro Ny ang katotohanan ng malinaw at may pananalig; *Nagtityaga Sya sa lahat*: Hindi Nya hinatulan ang babae at pinatawad sya (Jn. 8:10-11); *Naniniwala Sya sa lahat*: Nagtiwala Sya sa katapatan ni Zachaeus (Lk. 19:8-9); *Inaasahan Nya ang lahat*: Naghanda Sya ng 12 lalaki para sa "imposibleng" misyon; *Tinitiis Nya ang lahat*: Tiniis Nya ang gutom, pagtakwil, sakit, at pag-uusig

— *Hindi Sya nainggit*; *Hindi Nya ipinagyabang ang sarili*; *Hindi Sya mayabang*; *Hindi sya masungit*; *Hindi Sya nag-iisip ng para sa sarili*: Ginagawa Nya lagi ang kalooban ng Kanyang Ama(Jn. 6:38); *Hindi Sya magalitin*: Kahit na sinaktan Sya, ay magalang parin syang sumagot (Jn 18:22-23); *Hindi Sya nag-iisip ng masama*: Inihingi Nya ng tawad ang mga nagpako sa kanya sa krus (Lk. 23:34); *Hindi Sya natutuwa sa kasamaan*: Nagalit sya sa mga kurap na Pariseo (Mt. 23:27-28)

**HUEBES: Pananampalataya, Pag-asa, at Pag-ibig**

— Ipinapakita sa kilos ng mga taga Corinto ang hindi ginagawa ng pag-ibig: mainggitin sila; mayabang; walang taros; hindi maayos makitungo; makasarili; magalitin; mapagmuhi; at hinahayaan nila ang kasalanan.

— Gaya nila, dapat nating iwanan ang mga pagkakamaling ito at lumago sa pag-ibig, gaya ng itinuturo sa atin ni Pablo, upang magamit ng tama ang mga espiritwal na kaloob.

Inaanyayahan nya rin tayo na manatili sa dalawa pang katangian: pananampalataya at pag-asa.

— At kung dumating si Jesus, hindi na makikita ang kasalanan, at tatamuhin natin ang buhay na walanghanggan kasama Nya. At, hindi na kailangan ang propesiya, mga wika, at ibang kaloob, kasama ng pananampalataya at pag-asa. Ngunit ang pag-ibig at mananatili magpakailanman (1 Corinto 13:8).

**PASYA**: Kaibigan, kung susulitin mo ang iyong sarili sa batayan ni Pablo, ano ang score mo? Kung ikaw ay kagaya ko, needs improvement, bakit hindi mo hilingan ang Banal na Espiritu, ngayon, na baguhin ka tungo sa mas mapagmahal na tao?

**SUSUNOD NA LINGGO**: Ang Kapangyarihan ng Muling Pagkabuhay ni Cristo